**Tala: 1**

Mga Nunal(includes abstract) Alan R; Zeltser R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052494

Abstract: Ang mga nunal ay maliliit na bukol sa balat. Karaniwan silang lumilitaw bilang mga mapusyaw hanggang matingkad na kayumangging batik sa balat na alinman sa impis o nakaangat. Karamihan ng mga tao ay may banayad na mga nunal, na hindi pumipinsala. Ang mga nunal na nagiging kakaiba (tinatawag na dysplastic nevi) ay nagiging melanoma sa kalaunan. Ang melanoma ay isang uri ng cancer sa balat. Ang mga nunal na nagbabago o mukhang naiiba ay kailangang masuri ng isang dermatologist.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Mga Nunal

**(Nevi)**

ni: Rick Alan

[View English Version]

## Kahulugan

Ang mga nunal ay maliliit na bukol sa balat. Karaniwan silang lumilitaw bilang mga mapusyaw hanggang matingkad na kayumangging batik sa balat na alinman sa impis o nakaangat. Karamihan ng mga tao ay may banayad na mga nunal, na hindi pumipinsala.

Ang mga nunal na nagiging kakaiba (tinatawag na dysplastic nevi) ay nagiging melanoma sa kalaunan. Ang melanoma ay isang uri ng cancer sa balat. Ang mga nunal na nagbabago o mukhang naiiba ay kailangang masuri ng isang dermatologist.

**Nunal**



*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sanhi

Tumutubo ang mga nunal mula sa mga selula sa balat na gumagawa ng kulay na tinatawag na mga melanocyte. Bumubuo ang mga selulang ito ng kumpol, na nagbubunga sa nunal.

## Mga Nagbibigay Panganib

Pinapataas ng mga salik na ito ang iyong tsansang magkaroon ng mga nunal. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa mga panganib na ito:

- Mga nunal pagkapanganak (Pinapataas nito ang tsansang magkaroon ng mas maraming nunal paglaon.)
- Mga miyembro ng pamilyang may mga nunal

- Labis na pagkakalantad sa sinag ng araw, lalo na pagkasunog ng balat sa araw

**Sintomas**
Karamihan ng mga tao ay may ilang mga banayad na nunal na lumilitaw pagkapanganak, sa kabataan, o pagbibinata/pagdadalaga.

Ang mga banayad na nunal, na maaaring lumitaw saan mang bahagi ng katawan, ay kadalasang:

- Matingkad na kayumanggi, ngunit maaari ring maging dilaw-kayumanggi o kulay ng balat
- Isang kulay
- Bilog o habilog na may malinaw na mga gilid
- Impis at makinis, ngunit maaaring umangat, magaspang, tubuan ng buhok, o magpalit ng kulay paglipas ng panahon

Kabilang sa mga palatandaang maaaring di-normal ang isang nunal ang:

- Biglaang pagbabago sa sukat, kulay, hugis, tekstura, o pandama
- Malaking sukat (1/4 pulgada o higit pahalang, halos kasing-sukat ng pambura sa dulo ng lapis)
    - Maraming mga melanoma ang mas maliliit kaysa sa sukat na ito.
- Halo-halong mga kulay, madalas kasama ang itim
- Di-regular na mga gilid
- Di-normal na ibabaw na:
    - Nangangaliskis
    - Nagbabalat
    - May tumatagas
    - Pagdurugo
    - Bukas na may sugat na hindi gumagaling
    - Matigas at nakaangat na bukol
- Makati, malambot, o masakit
- Di-normal ang kulay ng balat sa paligid nito

**Di-regular na Pagilid ng Nunal**



Regular na gilid



Di regular na gilid

*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

**Pagsuri**
Susuriin ng doktor ang iyong balat at magtatanong tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal.

Kasama sa mga pagsusuri ang:

- Biopsy —pagtanggal sa kabuuan o bahagi ng nunal na susuriin para sa mga selula ng cancer

**Paggamot**
Hindi kailangang gamutin ang mga banayad na nunal. Gayumpaman, maaaring isagawa ang operasyon upang tanggalin yaong mga hindi magandang tingnan o nangangati.

Kabilang sa mga paggamot para mga di-normal na nunal ang:

## Operasyon

Ang mga di-normal na nunal na maaaring maging cancer o hinihinalang maaaring maging cancer ay maaaring tanggalin . Sinusuri ang tissue ng nunal sa ilalim ng mikroskopyo. Kung matagpuan ang mga selula ng cancer, gagawin ang mas maraming operasyon upang tanggalin ang anumang nalalabing bahagi ng nunal at nakapaligid na tissue.

**Pag-iwas**
Upang tumulong na maiwasang maging di-normal ang mga banayad na nunal (at posibleng maaaring maging cancer):

- Iwasang magtagal sa ilalim ng araw.
- Protektahan ang iyong balat mula sa araw. Halimbawa, magsuot ng kamiseta, sombrerong may malaking paldiyas, at sunglasses.
- Gumamit ng mga panganlong sa araw na may sun protection factor (SPF) na di-kukulangin sa 15.

Upang maagang matuklasan ang nunal na di-normal o maaaring maging cancer:

- Subaybayan ang iyong mga nunal, lalo na yaong mga di-normal.
- Iulat sa iyong doktor ang anumang mga pagbabao sa nunal.
- Hilingin sa iyong doktor na regular na suriin at subaybayan niya ang mga nunal na kakaiba. Ipasuri nang mas madalas ang mga nunal kung mayroon kang:
    - Maraming mga kakaibang nunal
    - Kasaysayan sa pamilya o personal na kasaysayan ng mga di-normal na nunal na nagiging melanoma

Ipatanggal ang mga nunal kung irerekomenda ito ng iyong doktor.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052494